

Mayo 13, 2020

Executive Order 2020-37

EXECUTIVE ORDER TUGON SA COVID-19
(COVID-19 EXECUTIVE ORDER BLG. 35)

SAMANTALANG, ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois sa isang maikling panahon, na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa pagtaas ng kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

SAMANTALANG, ang COVID-19 ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmision sa respirasyon at nagpapakita ng mga sintomas na katulad ng mga trangkaso; at,

SAMANTALANG, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay nagpahayag na ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (ang [First Gubernatorial Disaster Proclamation] Unang Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad) bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAMANTALANG, noong Abril 1, 2020, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (ang [Second Gubernatorial Disaster Proclamation] Pangalawang Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad) bilang isang resulta ng pagpapalawak ng COVID-19; at,

SAMANTALANG, noong Abril 30, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang mga nagresultang epekto sa kalusugan sa buong Estado, pati na rin ang pangangailangan upang matugunan ang mga potensyal na kakulangan ng mga kama ng ospital, mga kama ng ICU, mga makinang tulong sa paghinga, kagamitan para sa personal na proteksiyon at mga materyales para sa pagsubok para sa virus, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (ang [Third Gubernatorial Disaster Proclamation] Ikatlong Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, at, kasama ang [First and Second Gubernatorial Disaster Proclamation] Una at Pangalawang Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, ang mga [Gubernatorial Disaster Proclamations] Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad); at,

SAMANTALANG, habang kumalat ang virus sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay lumala at nangangailangan ng isang nagbabagong tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, at ang mga unang tumutugon ay nakakatugon sa mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois sa isang paraan na naaayon sa patuloy na na-update na gabay mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng Illinois (IDPH) at pederal na Centers for Disease Control and Prevention (CDC); at,

SAMANTALANG, ang pagtiyak ng Estado ng Illinois ay may sapat na kapasidad sa kama, kagamitan, at tagapagbigay ng serbisyo upang gamutin ang mga pasyente na may sakit na COVID-19, pati na rin ang mga pasyente na may iba pang mga sakit, ay may kritikal na kahalagahan; at,

SAMANTALANG, ang pagtanggap ng mga hadlang o balakid sa pagkakaloob ng mga suplay at serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan ay kinakailangan upang matiyak na ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan ng Illinois ay may sapat na kakayahan upang magbigay ng pangangalaga sa lahat ng nangangailangan nito; at,

SAMANTALANG, ang Kagawaran ng Pinansyal at Propesyonal na Regulasyon ng Illinois at IDPH ay nagsagawa ng mga hakbang, at patuloy na gumagawa ng mga hakbang, upang ang mga hindi aktibo at nasa labas ng estado na mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan ay makapagtrabaho sa Illinois sa pamamagitan ng mga proklamasyon, mga patakaran sa emerhensiya, at mga pagkakaiba-iba; at,

SAMANTALANG, ang IDPH ay nagsagawa ng mga hakbang, at patuloy na gumawa ng mga hakbang, upang paganahin ang mga ospital upang madagdagan ang kapasidad ng kama at magbigay ng mga antas ng pangangalaga na kinakailangan upang tumugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAMANTALANG, noong Marso 16, 2020, ang IDPH ay naglabas ng patnubay na inirerekumenda ang pagkansela ng lahat ng mga elektibo o hindi elektibong mga operasyon at pamamaraan upang agad na mabawasan ang bigat sa sistema ng pangangalaga sa kalusugan habang tinutugunan ang COVID-19; at,

SAMANTALANG, ang IDPH ay naglabas ng binagong patnubay, na epektibo noong Mayo 11, 2020, na nagpapahintulot sa mga ospital at mga ambulatory surgical na mga sentro ng paggamot na magpatuloy sa mga elektibong operasyon at mga pamamaraan sa kondisyon na natutugunan ang ilang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pagsubaybay ng mga takbo ng epidemiyolohiya, paggamit ng ospital sa rehiyon, sariling kakayahan ng ospital, lugar ng kaso at pagpaprayoridad, pagsubok bago and operasyon para sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, mga pamamaraan sa pagkontrol sa impeksyon, at pagkakaroon ng mga suportang serbisyo, pati na rin ang iba pang mga kinakailangan; at,

SAMANTALANG, ang pagpapatuloy ng mga elektibong operasyon at pamamaraan ay mahalaga sa patuloy na kalusugan at kaligtasan ng mga tao ng Estado ng Illinois, habang kasabay nito na tinitiyak na ang mga ospital sa Illinois ay nagpapanatili ng kakayahang tanggapin ang isang bagong paglobo ng mga pasyente ng COVID-19 kung kinakailangan; at,

SAMANTALANG, upang matiyak na ang mga pasyente ng COVID-19 ay tumatanggap ng wastong pangangalagang medikal, kinakailangan na ang mga ospital at iba pang uri ng mga pasilidad sa pangangalaga sa kalusugan ay tumatanggap ng mga paglilipat ng mga pasyente ng COVID-19 kung mayroon sila ang kapasidad at kakayahan na kinakailangan upang magbigay ng paggamot para sa mga pasyente ng COVID-19; at,

SAMANTALANG, ang IDPH ay nagsagawa ng mga hakbang, at patuloy na gumagawa ng mga hakbang, upang paganahin ang mga emerhensiya na medikal na sistema upang mapaunlakan at maghanda para sa transportasyon at pangangalaga ng mga pasyente ng COVID-19; at,

SAMANTALANG, noong Abril 9, 2020, ang IDPH ay naglabas ng mga patnubay na humihiling sa mga sistema ng serbisyong pang-emerhensiya na maghanda para sa transportasyon ng mga pasyente sa mga hindi tradisyunal na mga patutunguhan, tulad ng mga kahaliling pasilidad ng pangangalaga; at,

SAMANTALANG, ang Seksyon 6(c)(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act (IEMA Act), 20 ILCS 3305/6, ay nagsasabi na ang Gobernador ay pinahihintulutan na "gumawa, magbago, at ibalik ang lahat ng naaangkop na mga utos, batas, at regulasyon para isakatuparan ang mga probisyon ng Batas na ito sa loob ng mga limitasyon ng awtoridad na ipinagkaloob sa Gobernador"; at,

SAMANTALANG, ang Seksyon 15 ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/15, ay nagsasabi na "Ni ang Estado, anumang pampulitikang subdibisyon ng Estado, o, maliban sa mga kaso ng labis na kapabayaang o sadyang maling gawain, ang Gobernador, Direktor, ang Punong Ehekutibong Tagapagpaganap ng isang pampulitikang subdibisyon, o ang mga ahente, empleyado, o kinatawan ng anumang kanila, na bahagi sa anumang mga tugon sa pamamahala na emerhensiya o mga aktibidad sa pagbawi, habang sumusunod sa o nagtatangka na sumunod sa Batas na ito o anumang panuntunan o regulasyong ipinangako alinsunod sa Batas na ito ay mananagot para sa pagkamatay ng o anumang pinsala sa mga tao, o pinsala sa pag-aari, bilang resulta ng naturang aktibidad"; at,

SAMANTALANG, ang Seksyon 21(b) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/21, ay nagsasabi na "Ang sinumang pribadong tao, firm o korporasyon at empleyado at ahente ng nasabing tao, firm o korporasyon sa pagsasagawa ng isang kontrata kasama, at sa ilalim ng direksyon ng, Estado, o anumang pampulitikang subdibisyon ng Estado sa ilalim ng mga probisyon ng Batas na ito ay hindi dapat maging sibil na mananagot para sa sanhi ng pagkamatay ng, o pinsala sa, sinumang tao o pinsala sa anumang pag-aari maliban kung sakaling may sinasadyang maling gawain"; at,

SAMANTALANG, ang Seksyon 21(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/21, ay nagsasabi na "Ang sinumang pribadong tao, firm o korporasyon, at sinumang empleyado o ahente ng nasabing tao, firm o korporasyon, na nagbibigay ng tulong o payo sa kahilingan ng Estado, o anumang pampulitikang subdibisyon ng Estado sa ilalim ng Batas na ito sa panahon ng isang aktwal o ang nagbabadyang sakuna, ay hindi sibil na mananagot kung naging sanhi ng pagkamatay ng, o pinsala sa, sinumang tao o pinsala sa anumang pag-aari maliban kung sakaling may sinasadyang maling gawain"; at,

SAMANTALANG, ang Seksyon 3.150(a) ng Emergency Medical Services (EMS) Systems Act, 210 ILCS 50/3.150, ay nagsasabi na ang mga tao "na may mabuting hangad na nagbibigay ng[] pang-emerhensiya o di-pang-emerhensiya na serbisyong medikal sa panahon ng aprubado ng Kagawaran [ng Pampublikong Kalusugan] na pagsasanay ng kurso, sa normal na kurso ng pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, o sa isang emerhensiya, ay hindi magiging sibil na responsable bilang resulta ng kanilang mga gawain o pagtanggì sa pagbibigay ng mga serbisyong ito maliban kung ang mga pagkilos o pagtanggì, kabilang ang pag-bypass ng mga kalapit na ospital o medikal na pasilidad alinsunod sa mga protokol na binuo alinsunod sa Batas na ito, ay bumubuo ng sadya at walang pakundangang maling gawain"; at,

SAMANTALANG, ang Good Samaritan Act, 745 ILCS 49, ay nagsasabing "ang mapagbigay at mahabagin na mga gawain ng mga mamamayan nito," partikular ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, "na nagboluntaryo ng kanilang oras at talento upang matulungan ang iba" ay dapat na hindi saklaw sa sibil na pananagutan maliban kung ang mga gawain ay nagpapakita ng sadya o walang pakundangang maling gawain; at,

SAMANTALANG, para sa pagpapanatili ng kalusugan ng publiko at kaligtasan sa buong Estado ng Illinois, at upang matiyak na ang ating sistema ng paghahatid ng pangangalaga sa kalusugan ay may kakayahang maglingkod sa mga may sakit, nakikita kong kinakailangan na gumawa ng karagdagang mga hakbang na naaayon sa patnubay sa kalusugan ng publiko;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihan na naibigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, at alinsunod sa mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(12), 15, at 21 ng IEMA Act, 20 ILCS 3305, sa buong panahong ng [Gubernatorial Disaster Proclamations] Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, inuutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Para sa mga layunin ng Executive Order na ito, ang mga sumusunod na termino ay tinukoy bilang nakalagay sa ibaba:

- (a) Ang "Mga Ospital" ay nangangahulugang mga pasilidad na lisensyado o naaprubahan ng Hospital Licensing Act, 210 ILCS 85, o ang University of Illinois Hospital Act, 110 ILCS 330.
- (b) "Mga Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan" ay nangangahulugang:
 - i. Ang mga pasilidad na lisensyado, sertipikado, o aprubado ng anumang ahensya ng Estado at saklaw ng mga sumusunod: 77 Ill. Adm. Code 1130.215(a), (c)-(f); Alternative Health Care Delivery Act, 210 ILCS 3/35(2)-(4); Emergency Medical Services (EMS) Systems Act, 210 ILCS 50; o Department of Veterans' Affairs Act, 20 ILCS 2805;
 - ii. Ang mga Sentro ng Pagpapaunlad ng Estado na pinatatakbo ng mga pederal na Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid at mga lisensyado na Mga Sentro ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado na nilikha alinsunod sa Mental Health and Developmental Disabilities Administrative Act, 20 ILCS 1705/4;
 - iii. Lisensyadong nakapaloob sa pamayanan na kaayusan sa pamumuhay na tinukoy ng Community-Integrated Living Arrangements Licensure and Certification Act, 210 ILCS 135/2;
 - iv. Ang Lisensyadong Mga Sentro sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Komunidad na tinukoy sa [Community Services Act] Batas sa Mga Serbisyo ng Komunidad, 405 ILCS 30;
 - v. Ang mga sentrong pangkalusugan na pederal na kwalipikado sa ilalim ng Social Security Act, 42 U.S.C. § 1396d(l)(2)(B);
 - vi. Mga Alternatibong Pasilidad sa Pangangalaga na lisensyado ng IDPH;

- vii. Ang mga nagbibigay ng suporta na pasilidad ng pamumuhay na sertipikado ng Kagawaran ng Pangangalaga ng Kalusugan at Serbisyo sa Pamilya ng Illinois alinsunod sa Illinois Public Aid Code, 305 ILCS 5/5-5.01(a); at,
- viii. Mga establisimiyento ng assisted living at mga establisimiyento ng nakabahaging pabahay na lisensyado ng IDPH alinsunod sa Assisted Living and Shared Housing Act, 210 ILCS 9.

"Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan" ay ang isahan na anyo ng pangmaramihang "Mga Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan."

- (c) Ang "Propesyonal sa Pangangalaga ng Kalusugan" ay nangangahulugang lahat ng lisensyado o sertipikadong manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan o mga tauhan ng serbisyong pang-emerhensiya na (i) nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang Ospital o Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 at awtorisadong gawin ito; o (ii) nagtatrabaho sa ilalim ng direksyon ng Illinois Emergency Management Agency (IEMA) o IDPH bilang tugon sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad.
- (d) Ang "Boluntaryo sa Pangangalaga ng Kalusugan" ay nangangahulugang lahat ng mga boluntaryo o mga estudyante ng medikal o nars na walang licensure na (i) nagbibigay ng mga serbisyo, tulong, o suporta sa isang Ospital o Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 at awtorisadong gawin ito; o (ii) ay nagtatrabaho sa ilalim ng direksyon ng IEMA o IDPH bilang tugon sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad.

Seksyon 2. Alinsunod sa Mga Seksyon 15 at 21(b)-(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/15 at 21(b)-(c) at ang Good Samaritan Act, 745 ILCS 49, pinamumunuan ko ang lahat ng Ospital, Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan, Mga Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, at Mga Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan upang magbigay ng tulong bilang suporta sa tugon ng Estado sa sakuna na kinikilala ng [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad (pagsiklab ng COVID-19).

- (a) Mga Ospital at Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan.
 - i. Para sa Mga Ospital at Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan, ang "pagbibigay ng tulong" bilang suporta sa tugon ng Estado ay dapat magsama ng mga hakbang tulad ng pagdaragdag ng bilang ng mga kama, pagpapanatili at maayos na paggamit ng personal na kagamitan sa proteksiyon, pagsasagawa ng malawakang pagsubok, at paggawa ng mga kinakailangang hakbang upang magbigay ng pangangalaga na medikal sa mga pasyente na may COVID-19 at upang maiwasan ang karagdagang transmision ng COVID-19.
 - ii. Para sa Mga Ospital na nagsasagawa ng mga elektibong operasyon o pamamaraan, ang "pagbibigay ng tulong" bilang suporta sa tugon ng Estado ay dapat ding isama ang pagsunod sa kasalukuyang patnubay ng IDPH sa pagsasagawa ng mga elektibong operasyon at pamamaraan.
 - iii. Para sa Mga Ospital, ang "pagbibigay ng tulong" ay dapat ding isama ang pagtanggap ng isang paglipat ng isang pasyente ng COVID-19 mula sa ibang Ospital, kabilang ang mga inpatients ng Ospital, at mula sa mga entidad na pinamamahalaan ng Estado (sama-sama, "paglilipat ng mga entidad") na walang kapasidad at kakayahan na kinakailangan upang magbigay ng paggamot para sa isang pasyente ng COVID-19. Ang tumatanggap na Ospital ay dapat tumanggap ng naturang paglipat ng isang pasyente ng COVID-19 kung may sapat na kapasidad at kakayahan na kinakailangan upang magbigay ng paggamot para sa pasyente ng COVID-19. Sa pagtukoy kung ang isang Ospital ay may sapat na kapasidad at kakayahan na kinakailangan upang magbigay ng paggamot para sa isang pasyente ng COVID-19, dapat isaalang-alang ng Ospital, sa isang minimum, ang kakayahang magbigay ng ligtas at

epektibong paggamot na naaayon sa anumang kasalukuyang gabay mula sa IDPH at magagamit na mga suplay, kawani, at ICU at kapasidad ng kama na medikal/operasyon.

- iv. Para sa Mga Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan, ang "pagbibigay ng tulong" ay dapat ding naaayon sa kasalukuyang gabay at mga rekomendasyon mula sa IDPH (1) nagsasagawa ng malawakang pagsubok sa mga residente at laganap at regular na pagsubok ng mga kawani para sa COVID-19, at (2) pagtanggap ng mga pasyente ng COVID-19 sa paglipat o paglabas mula sa isang Ospital o Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan.

(b) Para sa Mga Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, ang "pagbibigay ng tulong" bilang suporta sa tugon ng Estado ay nangangahulugan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan sa isang Ospital o Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19, o nagtatrabaho sa ilalim ng direksyon ng IEMA o IDPH bilang tugon sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad.

(c) Para sa Mga Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan, ang "pagbibigay ng tulong" bilang suporta sa tugon ng Estado ay nangangahulugan ng pagbibigay ng mga serbisyo, tulong, o suporta sa isang Ospital o Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19, o nagtatrabaho sa ilalim ng direksyon ng IEMA o IDPH bilang tugon sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad.

Seksyon 3. Alinsunod sa Mga Seksyon 15 at 21 (b)-(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/15 at 21 (b)-(c), inuutos ko na sa panahon na may kaugnayan sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, ang Mga Ospital na patuloy na nagkakansela o nagpapaliban sa lahat ng mga elektibong operasyon o mga pamamaraan upang tumugon sa pagsiklab ng COVID-19, o ang mga Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan na nagbibigay serbisyo sa naturang Ospital, ay dapat na hindi sakop ng sibil na pananagutan para sa anumang pinsala o kamatayan na sinasabing sanhi ng anumang gawain o pagkaligta ng Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, na kung saan ang pinsala o kamatayan ay naganap sa oras na ang isang Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan ay nagbibigay ng tulong sa Estado bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na naaayon sa kasalukuyang gabay na inilabas ng IDPH. Ang seksyon na ito ay hindi angkop kung napatunayan na ang nasabing pinsala o kamatayan ay sanhi ng matinding kapabayaan o sinasadyang maling gawain ng nasabing Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, kung ang 20 ILCS 3305/15 ay naaangkop, o sa pamamagitan ng sinasadyang maling gawain, kung ang 20 ILCS 3305/21 ay naaangkop.

Seksyon 4. Alinsunod sa Mga Seksyon 15 at 21(b)-(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/15 at 21(b)-(c), inuutos ko na sa panahon na may kaugnayan sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, ang Mga Ospital na nagsasagwa ng mga elektibong operasyon o mga pamamaraan na nagsisimula sa o pagkatapos ng Mayo 11, 2020, o ang mga Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan na nagbibigay serbisyo sa naturang Ospital, ay dapat na hindi sakop ng sibil na pananagutan para sa anumang pinsala o kamatayan na may kaugnayan sa pagsusuri, transmision, o paggagamot ng COVID-19 na sinasabing sanhi ng anumang gawain o pagkaligta ng Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan sa oras na ang isang Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan ay nagbibigay ng tulong sa Estado bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na naaayon sa kasalukuyang gabay na inilabas ng IDPH. Ang seksyon na ito ay hindi angkop kung napatunayan na ang nasabing pinsala o kamatayan ay sanhi ng matinding kapabayaan o sinasadyang maling gawain ng nasabing Ospital o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, kung ang 20 ILCS 3305/15 ay naaangkop, o sa pamamagitan ng sinasadyang maling gawain, kung ang 20 ILCS 3305/21 ay naaangkop.

Seksyon 5. Alinsunod sa Mga Seksyon 15 at 21 (b)-(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/15 at 21 (b)-(c), inuutos ko na sa panahon na may kaugnayan sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, ang Mga Pasilidad sa Pangangalaga ng

Kalusugan o ang mga Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan na nagbibigay serbisyo sa isang Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan, ay dapat na hindi sakop ng sibil na pananagutan para sa anumang pinsala o kamatayan na may kaugnayan sa pagsusuri, transmisyon o paggamot ng COVID-19 na sinasabing sanhi ng anumang gawain o pagkaligta ng Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan o ng Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, na kung saan ang pinsala o kamatayan ay naganap sa oras na ang isang Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan ay nagbibigay ng tulong sa Estado bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na naaayon sa kasalukuyang gabay na inilabas ng IDPH. Ang seksyon na ito ay hindi angkop kung napatunayan na ang nasabing pinsala o kamatayan ay sanhi ng matinding kapabayaan o sinasadyang maling gawain ng nasabing Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan o Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, kung ang 20 ILCS 3305/15 ay naaangkop, o sa pamamagitan ng sinasadyang maling gawain, kung ang 20 ILCS 3305/21 ay naaangkop.

Seksyon 6. Alinsunod sa Seksyon 21(c) ng IEMA Act, 20 ILCS 3305/21(c), at ang Good Samaritan Act, 745 ILCS 49, inuutos ko na sa panahon na may kaugnayan sa [Gubernatorial Disaster Proclamations] Mga Proklamasyon ng Gubernatorial na Kalamidad, anumang Boluntaryo ng Pangangalaga sa Kalusugan, na tinukoy sa Seksyon 1 ng Executive Order na ito, ay dapat na hindi sakop ng sibil na pananagutan para sa anumang pinsala o kamatayan na sinasabing sanhi ng anumang gawain o pagkaligta ng nasabing Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan, na kung saan ang pinsala o kamatayan ay naganap sa oras na ang isang Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan ay nagbibigay ng tulong sa Estado bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo, tulong o suporta na naaayon sa kasalukuyang gabay na inilabas ng IDPH. Ang seksyon na ito ay hindi angkop kung napatunayan na ang nasabing pinsala o kamatayan ay sanhi ng sinasadyang maling gawain ng nasabing Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan.

Seksyon 7. Wala sa Executive Order na ito ang dapat bigyan ng kahulugan upang pangunahan o limitahan ang anumang naaangkop na kaligtasan mula sa sibil na pananagutan na magagamit sa anumang Ospital, Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan, Propesyonal sa Pangangalaga sa Kalusugan, o Boluntaryo sa Pangangalaga sa Kalusugan.

Seksyon 8. Kung ang anumang probisyon ng Executive Order na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon ng Executive Order na ito, na maaaring maging epektibo nang wala ang probisyon o aplikasyon na walang bisa. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Executive Order na ito ay idineklara na maaaring tapusin.

JB Pritzker, Gobernador

Inilabas ng Gobernador Mayo 13, 2020
Inihain ng Kalihim ng Estado Mayo 13, 2020